8

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Modelong Banghay-Aralin sa Values Education

Kuwarter 4

Aralin

1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modeling Banghay Aralin sa Values Education 8**
**Kuwarter 4: Aralin 1 (Linggo 1)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Shaina Bianca J. Gerente

**Tagasuri:** Noel A. Ybanez

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

| I. **NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag- unawa sa paglinang ng positibong disposisyon bilang mamamayan. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga paraan ng paglinang ng positibong disposisyon bilang mamamayan upang malinang ang maingat na paghuhusga. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagsasanay sa maingat na paghusga sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga sariling pananaw sa mga pangyayari sa bayan<br>a. Nakakikilala ng mga paraan ng paglinang ng positibong disposisyon bilang mamamayan<br>b. Naipaliliwanag na ang paglinang ng positibong disposisyon bilang mamamayan ay makatutulong sa pagtupad sa mga sariling tungkulin sa bayan<br>c. Nailalapat ang mga paraan ng paglinang ng positibong disposisyon bilang mamamayan |
| **D. Nilalaman** | Paglinang ng Positibong Disposisyon Bilang Mamamayan |
| **E. Lilinanging Pagpapahalaga(Values to be Developed)** | Maingat na paghusga (Prudence) |
| **F. Integrasyon** | |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**

CFI Team. (2023, May 2). *Social justice*. Corporate Finance Institute. https://corporatefinanceinstitute.com/resources/esg/social-justice/

Conaco, M., & Aldana, D. (2015, November). *Ang Antas ng Pulitikal na Pagkilos Bilang Epekto ng Sosyal na Identidad Bilang Pilipino, ng mga Representasyon Tungkol sa Demokratikong Pagkamamamayan at ng Pulitikal na Bisa.* Researchgate.

https://www.researchgate.net/publication/307546421_Ang_Antas_ng_Pulitikal_na_Pagkilos_Bilang_Epekto_ng_Sosyal_na_Identidad_Bilang_Pilipino_ng_mga_Representasyon_Tungkol_sa_Demokratikong_Pagkamamamayan_at_ng_Pulitikal_na_Bisa_Level_of_political_action_

Delgado, G. (n.d.). *Dalawang Pananaw Ng Pagkamamamayan*. Scribd. https://www.scribd.com/document/369950242/Dalawang-Pananaw-Ng-Pagkamamamayan

*Disposisyon: Monolingual Tagalog definition of the word disposisyon*. (n.d.). Tagalog.com - Dictionary and Language Tools for Tagalog. https://www.tagalog.com/monolingual-dictionary/disposisyon#google_vignette

Eugenio, M. (2021, May 24). *Ang Kamalayan Sa Sarili ("self-awareness") at ang personal Na Pag-unlad*. OurHappySchool | Your Online ACADEMIC & Entertainment Magazine. Retrieved May 15, 2024, from https://ourhappyschool.com/Ang-Kamalayan-sa-Sarili-self-awareness-at-ang-Personal-na-Pag-unlad#google_vignette

*Grade 10 Araling Panlipunan 4TH grading handout - Pdfcoffee.com*. (2021, May 11). pdfcoffee.com. https://pdfcoffee.com/qdownload/grade-10-araling-panlipunan-4th-grading-handout-pdf-free.html

*Human tableau - Pdfcoffee.com*. (2023, March 15). pdfcoffee.com. https://pdfcoffee.com/human-tableau-pdf-free.html

Jarrar, A. (2013, March 25). *Positive Thinking & Good Citizenship Culture: From the Jordanian Universities Students' Points of View*. ERIC - Education Resources Information Center. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1067597.pdf

Logan, T. (n.d.) *Why having a vision is the most important aspect of your life*. Conscious Magazine. Retrieved May 15, 2024, from https://consciousmagazine.co/why-having-a-vision-is-the-most-important-aspect-of-your-life/

Macatuno, A. (2023). *EDITORIAL | Biyaheng may mapag-iiwanan* [Photograph]. ExplainedPH. https://www.explained.ph/2023/03/editorial-byaheng-may-mapag-iiwanan.html

*Paano nakatulong ang relihiyon o paniniwala Sa paghubog Ng iyong pagkatao?* (2020, October 13). Panitikan.com.ph. https://www.panitikan.com.ph/paano-nakatulong-ang-relihiyon-o-paniniwala-sa-paghubog-ng-iyong-pagkatao

*Paano Palalakasin ang Kumpiyansa at Pagpapahalaga Sa Sarili*. (2019, August 1). The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints. Retrieved May 15, 2024, from https://www.churchofjesuschrist.org/study/liahona/2019/08/digital-only/how-to-build-confidence-and-self-esteem?lang=tgl

Peñaflor, V. L. (2022, June 15). *Bawas positibo Sa dami Ng negatibo? Positibong pananaw Pa rin dapat*. Tutubi News Magazine. Retrieved May 15, 2024, from https://tutubi.ph/bawas-positibo-sa-dami-ng-negatibo-positibong-pananaw-pa-rin-dapat/

Policarpio, C. G. (n.d.). *MODYUL 5 Esp 10*. Scribd. https://www.scribd.com/presentation/360016310/MODYUL-5-EsP-10

Robles, J. (n.d.). *Esp aralin6 pagiging bukas Ng isipan*. Scribd. https://www.scribd.com/presentation/485552225/ESP-ARALIN6-PAGIGING-BUKAS-NG-ISIPAN

*Rubriks posisyong papel.docx - Pdfcoffee.com*. (2020, November 9). pdfcoffee.com. https://pdfcoffee.com/rubriks-posisyong-papeldocx-pdf-free.html

Salmeron, N. (2020, August 17). *Change, acceptance, and adaptation*. LinkedIn. Retrieved May 15, 2024, from https://www.linkedin.com/pulse/change-acceptance-adaptation-nancy-salmeron

*Tunay Na paninindigan*. (2022, January 27). Sunday Examiner. https://www.examiner.org.hk/2022/01/28/tunay-na-paninindigan/readings-homilies/

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**AKO BILANG KAPUWA MAMAMAYAN NG DAIGDIG**<br>**Panuto:** Base sa naging huling talakayan, magbigay ng mga katangian na dapat taglayin ng mga Pilipino bilang kapuwa mamamayan ng daigdig.<br>**Mga Katangian ng Pilipino Bilang Kapuwa Mamamayan ng Daigdig**<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>**Mga tanong:**<br>1. Paano nakatutulong ang mga katangiang ito sa pagkakaroon ng pagkakaisa ng mga tao hindi lamang sa Pilipinas kundi sa buong mundo?<br>2. Ano ang mga paraan na iyong ginagawa upang maisasabuhay ang mga katangiang ito?<br>3. Paano ka nito natutulungan na gampanan ang iyong tungkulin bilang mamamayan? | Hayaan na ang mga mag-aaral ang magsulat ng mga katangian sa pisara. Pagkatapos ay magkaroon ng pagbabahagian sa pamamagitan ng pagtatanong ng mga katanungan. Iproseso ang mga sagot base sa naging talakayan sa kuwarter 3 lesson 8. Gawin ang gawain sa loob ng 5 minuto. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**PAGSUSURI NG EDITORYAL**<br>**Panuto:** Suriin ang editoryal sa ibaba at tukuyin kung ikaw ba ay sang-ayon o hindi sang-ayon sa isyu na ipinapakita nito. | Ipagawa ang gawain sa loob ng 7 minuto. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Ang editoryal ay maaaring basahin sa pamamagitan ng sumusunod na link:<br><br>Macatuno, A. (2023). EDITORIAL | Biyaheng may mapag-iiwanan [Photograph]. ExplainedPH. https://www.explained.ph/2023/03/editorial-byaheng-may-mapag-iiwanan.html<br><br>Mga Tanong<br>1. Ano ang sumasalamin na isyung panlipunan ang makikita sa editoryal?<br>2. Base sa isyu na nararanasan ng mga tao, ano ang iyong disposisyon o panig sa isyung ito? Sang-ayon ka ba o hindi? Bakit?<br>3. Ano ang iyong naging basehan sa pagtukoy ng iyong pananaw o disposisyon sa isyu?<br>4. Bakit mahalaga na mayroon kang pananaw sa mga nararanasang problema ng lipunan?<br>5. Ano ang iyong kinakailangan upang maging tama ang iyong pananaw sa mga isyu?<br><br>2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin<br><br>TUGMA SALITA<br>Panuto: Piliin sa HANAY B ang kahulugan ng mga salita sa HANAY A. Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang.<br><br>HANAY A<br>_____ 1. Paghusga<br>_____ 2. Disposisyon<br>_____ 3. Tungkulin<br>_____ 4. Paninindigan<br>_____ 5. Mapanagutan<br><br>HANAY A<br>A. Gampanin o responsibilidad na dapat magampanan ng mamamayang Pilipino.<br>B. Tumututukoy sa saloobin, panig, at pagkilos hinggil sa isang argumento o pagtatalo<br>C. Tumutukoy sa isang taong handang panindigan ang tungkulin nakaatang o ipinagkaloob sa kanya.</td>
<td>Gawin ang gawain sa loob ng 3 minuto. Magtawag ng mga mag-aaral na gustong sumagot at hayaan na sila ang magpaliwanag ng dahilan ng kanilang sagot.<br><br>Mga Sagot:<br>1. D<br>2. E<br>3. A<br>4. B<br>5. C</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | D. Aksyon o proseso ng pagpapasya o pagbibigay ng opinyon tungkol sa sitwasyon o pangyayari batay sa obserbasyon at impormasyon.<br>E. Tumutukoy sa ng likas na ugali, asal o pangkalahatang pananaw at saloobin ng isang tao sa buhay at sa kanyang kapaligiran, positibo man o negatibo. | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: <u>Paraan ng Paglinang ng Positibong Disposisyon bilang Mamamayan</u>**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Ang Pilipinas ay humaharap sa maraming isyu o pagsubok. Tulad ng kahirapan, korapsyon, polusyon, implasyon, edukasyon, kalusugan, at marami pang iba. Samu't sari ang maririnig natin sa mga opinyon at pananaw ng marami hinggil dito. Ang pagkakaroon ng opinyon, pananaw, at katanungan sa mga isyung kinakaharap ng lipunan ay sumasalamin sa disposisyon na mayroon tayo sa mga isyung ito bilang isang mamamayan. Ang disposisyon o *disposition* ay tumutukoy sa ng likas na ugali, asal o pangkalahatang pananaw at saloobin ng isang tao sa buhay at sa kanyang kapaligiran, positibo man o negatibo (Tagalog.com, n.d.)<br><br>Ngunit, sa kabila ng mga negatibong pangyayari, marami pa rin ang mga positibo.Walang patutunguhan ang negatibong pag-iisip kundi pagkadismaya, sa halip na pagkamangha sa kung papaano tayo nabibigyan ng pagkakataon na mapaunlad ang ating mga sarili at ating bansa. Walang mararating ang mga negatibong pananaw sa ekonomiya kung hindi natin ikokondisyon ang ating kaisipan na meron tayong dapat gawin sa mga negatibong bagay, (Penaflor, 2022).<br><br>Bilang isang mamamayan tayo ay may tungkulin at responsibilidad na kailangang tuparin. Hindi lamang tayo magiging tagapagmasid ng mga pagbabago sa lipunan kundi inaasahan na tayo ay maging aktibo sa pakikilahok upang mapagbuti ang kalagayan ng ating lipunan. Makakamit lamang natin ito kung tayo ay magkakaroon ng positibong disposisyon bilang isang mamamayan (Delgado, n.d.) Ang *positibong disposisyon* ay tumutukoy sa positibong pag-uugali, pananaw at saloobin sa mga | Talakayon ang Kaugnay na paksa 1 sa loob ng 25 minuto. |

| | | |
|---|---|---|
| | hamong kinakaharap. Sa pamamagitan nito, makakamit natin ang positibong pagbabago na ating inaasam.<br><br>Paano nga ba malilinang ang ating positibong disposisyon bilang isang mamamayan?<br><br>1. **Maniwala at magtiwala sa Diyos -** Malaki ang papel na ginagampanan ng relihiyon o paniniwala sa paghubog ng pagkatao dahil ang mabuting salita ng Diyos ay nagsisilbing gabay upang mas maging mabuting tao ang isang nilalang at kung paano niya titignan ang mga bagay na kaniyang nararanasan.<br><br>**2. Magkaroon ng Kamalayan sa sarili -** Ang kamalayan sa sarili o *"self-awareness"* ay mahalaga sa personal o pansariling pag-unlad. Ang pag-unawa sa ating sarili ay mahalaga sa pagpapabuti ng ating sitwasyon at pananaw sa buhay na madalas na tinutukoy bilang sukatan ng ating kaligayahan, (Eugenio, 2021).<br><br>**3. Magkaroon ng Kamalayan sa mga isyung panlipunan -** Nararapat na magkasamang buuin ng pamahalaan at ng mga mamamayan ang solusyon sa mga suliraning kinakaharap ng lipunan. Mangyayari lamang ito kung ang mamamayan ay may kaalaman at kamalayan sa mga isyung panlipunan. Ang kamalayang ito ang magtutulak sa mamamayan na aktibong makilahok sa mga hakbanging magbibigay katugunan sa maraming isyung panlipunan<br><br>4. **Magkaroon ng malinaw na bisyon *(vision)* -** Ang pagkakaroon ng malinaw na bisyon sa buhay ay makatutulong sa atin na maunawaan ang ating layunin sa buhay bilang isang mamamayan. Ito rin ang gagabay sa ating mga kilos at desisyon sa buhay. Ang pagkakaroon din ng malinaw na bisyon ay makatutulong na maunawaan ang mga pangyayari sa paligid at magkaroon ng malinaw na pananaw rito, (Logan, n.d.)<br><br>5. **Maging bukas at kritikal ang pag-iisip** - ang isang tao na may bukas at kritikal na isipan ay nakaiiwas na kumiling sa isang panig lamang dahil siya ay mapanuri sa kaniyang mga nakikita, nadidinig, at nararanasan. Sa pamamagitan nito, nakakahanap siya ng pinaka mabuting solusyon sa suliranin ng sarili, pamilya, paaralan, o pamayanan para sa kabutihan ng lahat, (Robles, n.d.). | **Paliwanag:**<br><br>Dagdag na paliwanag sa bilang dalawa (2): Ito ay ang kamalayan sa sarili na may kaugnayan sa maraming aspeto ng personalidad ng isang indibidwal tulad ng kalakasan, kahinaan, paniniwala, interes at emosyon |

6. **Pagtanggap sa mga Pagbabago -** ang pagtanggap at pag *adapt* sa mga pagbabahago ay isa sa mga mahahalagang kasanayan na kinakailangan ng tao sa kasalukayan. Mahalaga na tanggapin na may mga bagay na hindi natin kayang kontrolin at mas pag tuunan ng pansin ang mga bagay na kayang solusyunan, (Salmeron, 2020).

### IKALAWANG ARAW

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**

**TINATAGLAY KO**

**Panuto:** Base sa naging talakayan tungkol sa mga paraan ng paglinang ng positibong disposisyon, alamin mo ngayon kung ano ang mga na dapat katangian ng isang taong may positibong disposisyon sa buhay. Ilagay ang mga sagot sa loob ng kahon.



https://openclipart.org/share

**Mga tanong:**
1. Base sa mga katangian na iyong nilagay, paano mo mailalarawan ang isang taong may positibong disposisyon?
2. Paano nakatutulong ang mga katangian na ito sa pagkakaroon ng positibong disposisyon bilang isa mamamayan?
3. Tinataglay mo ba ang mga katangiang ito? Ipaliwanag.
4. Paano mo mapauunlad sa iyong sarili ang mga katangian ng isang taong may positibong disposisyon sa buhay?

Bago simulan ang araw o gawain. Tanungin muna ang mga mag-aaral ng kanilang naaalala sa naging huling talakayan. Pagkatapos ay ipagawa ang gawain na "Tinataglay ko" sa loob ng 7 minuto.

Pagkatapos ng gawain, ipagawa ang tablue bilang aplikasyon ng mga katangian ang isang taong may positibong disposisyon.

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**IPAKITA MO!**

**Panuto:** Hahatiin ang klase sa apat. Ang bawat grupo ay bubunot ng isang paraan sa paglinang ng positibong posisyon. Sa pamamagitan ng isang tableau, ipapakita ng bawat grupo kung paano nila ito maisasakilos sa mga isyung kinakarap ng mga Pilipino sa kasalukuyan. Maaaring pumili ang bawat grupo ng isyung panlipunan. Mag atas ng isa o dalawang mag-aaral na magpapaliwanag sa tableau na ginawa.

**Rurik para sa Tableau.**

<table>
<tr><th>Pamantayan</th><th>Deskripsyon</th><th>Puntos</th></tr>
<tr><td>Interpretasyon</td><td>Paglalapat ng kilos o pag-arte na angkop sa paksa</td><td></td></tr>
<tr><td>Koryograpi</td><td>Pagkakatugma ng kilos at pagpapahayag ng ekspresyon ng mukha</td><td></td></tr>
<tr><td>Presentasyon</td><td>Kalinawan ng pagkakalahad ng buong detalye sa tableau</td><td></td></tr>
<tr><td>Panghihikayat sa Madla</td><td>Dating sa mga manonood</td><td></td></tr>
<tr><td>Disiplina at Kooperasyon</td><td>Pakikilahok, pag-iwas sa sobrang kaingayan at pagtutulungan ng bawat miyembro ng pangkat</td><td></td></tr>
<tr><td colspan="2" align="right">KABUUAN</td><td></td></tr>
</table>

*Human tableau - Pdfcoffee.com.* (2023, March 15). pdfcoffee.com. https://pdfcoffee.com/human-tableau-pdf-free.html

**Mga tanong:**

1. Ano ang kahalagahan ng pagsasagawa ng mga paraang ito sa paglinang ng positibong disposisyon bilang mamamayan?

</td>
<td>


Pangkatin ang klase sa apat at bigyan sila ng 15 minuto para mag-usap at bumuo ng presentasyon. Pagkatapos ay magkakaroon ng tag tatlong (3) minuto ang bawat grupo para sa kanilang presentasyon.


Mgakaroon ng pagbabahagian ng natutuhan gamit ang mga katanungan.

</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Paano nakatulong ang pagkakaroon ng positibong disposisyon sa mga isyung inyong ipinakita?<br>3. Paano mo maisasabuhay ang mga paraang ito sa paglinang ng positibong disposisyon sa pang araw-araw mong buhay?<br><br>**IKATLONG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 2: <u>Pagsasakilos ng mga Paraan ng Paglinang ng Positibong Disposisyon Bilang Mamamayan</u>**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Tungkulin ng mga mamamayang Pilipino ang mag-ambag sa pag-unlad at pagtamo ng ng isang makatarungan at maayos na lipunan. Kung gayon, tungkulin natin ang lumahok sa mga gawaing pansibiko at *civic engagement*. Maisasagawa ito sa pamamagitan ng pagsasakilos ng ating positibong disposisyon bilang isang mamamayan dahil nasa ating mga kamay ang susi para sa pagbabago ng ating lipunan, nararapat lamang na baguhin ang mali o negatibong pananaw na pamahalaan lamang ang may tungkulin na bigyang-solusyon ang mga isyung panlipunan; na sila ay ating inihalal upang bigyang-katugunan ang lahat ng ating pangangailangan at wala na tayong gagawin bilang mamamayan.<br><br>Paano nga ba natin maisasakilos ang mga paraan ng paglinang ng positibong disposisyon bilang mamamayan?<br><br>**1. Magdesisyon ng tama at maging maingat sa paghuhusga -** Magdesisyon ng tama, nasa lugar at naaayon sa kalagayan na kung saan mas nakakalamang ang tama sa maling pananaw. Tandaan na pag-isipan nang maraming beses bago gumawa ng isang desisyon at ihanda ang sarili sa anumang kalalabasan ng bawat pangyayari, sa pinakamalalim man o sa pinakamaganda. Maging balanse sa pagpapasya dahil ang pagsasakatuparan ng negatibong pananaw ay walang kahihinatnan.<br><br>**2. Maging bukas sa pakikipagkomunikasyon-** Malinaw na makipagpalitan ng mensahe sa kapwa upang lubos na maunawaan at mapabatid ang mensaheng nais ipabatid. Maging bukas sa pagtanggap ng opinyon ng iba sa pamamagitan ng pakikinig at pag-intindi ng kanilang disposisyon sa buhay. | <br><br><br><br><br>Talakayin ang Kaugnay na paksa 2 sa loob ng 20 minuto. |

| | | |
|---|---|---|
| | 3. **Maging Mapanagutan sa lahat ng kilos -** Ipakita ang pagiging responsable sa pagtupad ng mga batas, regulasyon, at pagtulong sa pagpapabuti ng komunidad. Ito ay dapat na ipinapakita hindi lamang sa kilos pati na rin sa intensyon. Ayon nga kay Aristotle, ang kilos o gawa ay hindi agad mahuhusgahan kung ito ay mabuti o masama. Ang pagiging mabuti o masama ng isang kilos ay nakasalalay sa intensiyon o dahilan kung bakit ito ginawa, (Policarpio, n.d.).<br><br>4. **Maging maalam at impormatibo sa mga isyu ng lipunan -** Magbasa, makinig, manood, at magmasid sa nangyayari sa paligid at paunlarin ang kakayahang mag-isip nang kritikal at maunawaan ang iba't ibang perspektibo sa lipunan upang magkaroon ng kamalayan patungkol dito.<br><br>5**. Magkaroon ng paninindigan sa buhay o isyung panlipunan** - Isang kahanga-hangang katangian ng isang tao ay ang pagkakaroon ng paninindigan. Sa pamamagitan nito hindi siya madaling panghinaan ng loob at matibay ang kanyang disposisyon sa buhay. Ang pagkakaroon din ng posisyon ng isang tao sa isang partikular na isyu ay hinuhubog ng kanyang mga pagpapahalaga, mga prinsipyo at paniniwala gayundin ng kanyang mga nalalaman tungkol sa nasabing isyu. At dahil dito hindi maiiwasan na magkaroon ng kanya-kanya pananaw tungkol sa mga isyu. Kalimitang nagiging matagumpay at tunay na lider ang isang taong may ganitong katangian.<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**MIND MAPPING**<br>**Panuto:** Humanap ng kapareha at Gumawa ng isang *mindmap* na nagpapakita ng mga paraan ng pagsasakilos ng Paglinang ng positibong disposisyon bilang mamamayan, mga halimbawa ng kilos na gagawin, at ang mga inaasahang magiging resulta ng kilos na ito. Maaaring gamitin ang pormat sa ibaba o gumawa ng sarili. | Ipagawa ang gawain na Mind Mapping sa loob ng 10 minuto. Pagkatapos ay pumili ng mga mag-aaral na gustong magbahagi ng kanilang gawa. |

| | | |
|---|---|---|
| | <br><br>**Halimbawa:**<br><br>**Mga Tanong:**<br>1. Ano ang iyong naging basehan sa pagtukoy ng mga halimbawa ng kilos na maaaring gawin upang maisakilos ang mga paraan ng paglinang ng positibong disposisyon?<br>2. Sa iyong palagay, ang mga kilos ba na ito ay tumutugon sa iyong tungkulin bilang isang mamamayan? Paano?<br>3. Base sa iyong inaasahang resulta, matutugunan o masosolusyunan ba nito ang mga problema ng ating lipunan?<br>4. Paano mo masisiguro na ito ay iyong maisasakilos? Ano ang mga paraan na iyong gagawin?<br><br>**IKAAPAT NA ARAW**<br><br>**Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>**ISYU, PANANAW, AKSYON**<br><br>**Panuto:** Humanap ng isyung panlipunan sa kasalukyan. Sa pamamagitan ng mga paraan ng pagsasakilos ng paglinang ng positibong disposisyon bilang mamamayan, tukuyin ang iyong disposisyon at aksyon gagawing aksyon sa isyung iyong napili. | Para sa ikaapat na araw, ipagawa ang "Isyu, Pananaw, Aksyon" sa loob ng 10 minuto. |

| | | |
|---|---|---|
| | <br><br>**Mga tanong:**<br>1. Ano-ano ang mga paraan ng pagsasakilos ng paglinang ng positibong disposisyon ang iyong isinagawa? Ipaliwanag.<br>2. Paano nakatulong ay iyong positibong disposisyon sa pagtukoy ng kilos na iyong gagawin upang tugunan ng isyu ng lipunan?<br>3. Base sa disposisyon at kilos na iyong gagawin, naisasagawa mo ba ang tungkulin mo bilang isang mamamayan? Paano?<br>4. Ano ang mga paraan na iyong gagawin upang mas malinang pa sa iyo ang pagkakaroon ng positibong disposisyon bilang pagtugon sa iyong tungkulin bilang mamamayan? | |

**D. Paglalahat**

**1. Pabaong Pagkatuto**

**Mga tanong:**

1. Ano ang sinisimbolo ng larawan?
2. Paano mo maiuugnay ang sinisimbolo ng larawan sa pagtingin sa mga isyung kinakaharap mo at ng lipunan?
3. Bakit mahalaga na maging balanse ang ating pagtingin sa mga isyung ating kinakaharap sa pagkakaroon ng positibong disposisyon?



https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Balance_justice.png

**2. Pagninilay sa Pagkatuto**

**IMBENTARYO NG PAGKATUTO**

**Panuto:** Ilista ang mga hinihingi ng bawat kolum.

| MGA NATUTUHAN | KAHALAGAHAN NG NATUTUHAN | PARAAN PARA MAISABUHAY |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

Gawin ang pabaon at pagninilay sa pagkatuto sa loob ng 15 minuto sa pamamagitan ng pagbabahagian sa klase na pangungunahan ng guro.

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br><br>**I. Multiple Choice** | Gawin ang pagsusulit sa loob ng 10 minuto. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

**Panuto:** Basahin at unawain nang mabuti ang mga tanong at piliin ang letra ng tamang sagot.

1. Alin sa mga sumusunod ang tumutukoy sa positibong pag-uugali, pananaw at saloobin sa mga hamong kinakaharap?
   a. Opinyon
   b. Tungkulin
   c. Disposisyon
   d. Positibong Disposisyon

2. Alin sa mga sumusunod ang kinakailangan upang malinang ang iyong disposisyon sa buhay?
   I. Magkaroon ng kamalayan sa Sarili
   II. Maging bukas at kritikal ang pag-iisip
   III. Magkaroon ng kamalayan sa mga isyung panlipunan
   IV. Maniwala at magtiwala lamang sa sariling pananaw at desisyon.

a. I, II, III, IV b. I, III, IV c. I, II, III d. I, II, IV

3. Ang pagiging responsable sa pagtupad ng mga batas, regulasyon, at pagtulong sa pagpapabuti ng komunidad o ang mapanagutang kilos bilang isang mamamayan ay dapat nakikita sa ________________________ ng tao. Alin sa mga sumusunod ang tinutukoy nito?
   a. resulta ng kilos
   b. pananaw at kilos
   c. intensyon at kilos
   d. desisyon at kilos

4. Tuwing nakakakita, nakakadidinig, at nakababasa si Alec ng mga isyu ng lipunan, sinisigurado niya na ito ay kaniya munang inaalam at sinisiyasat bago bumuo ng pananaw mula rito. Alin sa mga sumusunod na paraan upang malinang ang positibong disposisyon bilang mamamayan ang kaniyang isinasaalang-alang?
   a. Pagtanggap sa pagbabago
   b. Paniniwala at pagtitiwala sa Diyos
   c. Pagkakaroon ng kamalayan sa sarili

</td>
<td>

Mga Sagot:

I. Multiple Choice

1. D
2. C
3. C
4. D
5. C

II. Sanaysay

Inaasahang sagot:

Ang pagkakaroon ng positibong pananaw ay makatutulong upang ating masuri ang mga isyung kinakaharap ng lipunan at bumuo ng kilos upang ito ay masolusyunan. Hindi lamang tayo magiging tagapagmasid ng mga pagbabago o isyu kundi inaasahan na tayo ay maging aktibo sa pakikilahok upang mapagbuti ang kalagayan ng ating lipunan.

</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | d. Pagiging bukas at kritikal sa pag-iisip<br><br>5. Alin sa mga sumusunod ang HINDI nagpapakita ng pagsasakilos ng paglinang ng positibong disposisyon bilang mamamayan?<br><br>a. Pagiging maingat sa pagbibigay ng opinyon o pananaw sa mga isyu ng lipunan.<br>b. Pagbabasa ng mga ulat na galing sa isang maasahan na aritikulo.<br>c. Paniniwala agad sa mga opinyon at pananaw na nababasa o nakikita sa internet na galing sa isang *social media influencer* dahil sila ay sikat.<br>d. Tinatanggap ang anumang kalalabasan ng kilos na ginawa masama man o maganda.<br><br>**II. Sanaysay**<br><br>**Panuto:** Bumuo ng maikling sanaysay tungkol sa tanong sa ibaba.<br><br>Tanong: Ano ang kahalagahan ng paglinang ng positibong disposisyon bilang pagtugon sa iyong tungkulin bilang isang mamamayan?<br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br><br>**Posisyong Papel**<br><br>**Panuto:** Bumuo ng isang posisyong papel tungkol sa artikulo sa ibaba. Gamitin ang pormat at rubrik bilang gabay.<br><br>Nilalaman ng Posisyong Papel<br>1. Panimula - naglalaman ng background ng isyu at Panig/Posisyon mula sa paksa o Pagsang-ayon/Pagtanggi<br>2. Katawan - Paglalahad ng mga mahalagang impormasyon na tutulong na mapasusubalian ang posisyon o disposisyon sa isyu na ginagamitan ng mga patunay o ebidensya.<br>3. Konklusyon - lagom o paglalahat/ pagbubuod ng posisyong pinaninindigan at pagbibigay ng rekomendasyon/plano na makakatulong sa pagpapabuti ng isyu<br><br>**Rubrik para sa Posisyong papel** | |

| Pamantayan | Deskripsyon | Iskor |
|---|---|---|
| Introduksyon (5) | Nakapanghihikayat ang introduksyon. Malinaw na nakalahad ang pangunahing paksa gayundin ang panlahat na pagtanaw ukol dito | |
| Diskusyon/Nilalaman (5) | Makabuluhan ang bawat talata dahil sa husay na pagpapaliwanag at pagtalakay tungkol sa paksa. | |
| Organisasyon ng mga Idea (5) | Lohikal at mahusay ang pagkakasunod- sunod ng mga idea; gumamit din ng mga transisyonal na pantulong tungo sa kalinawan ng mga idea. | |
| Konklusyon (5) | Nakapanghahamon ang konklusyon at naipapakita ang pangkalahatang palagay o paksa batay sa katibayan at mga katuwirang inisa-isa sa bahaging gitna | |
| Mekaniks (5) | Walang pagkakamali sa mga bantas, kapitalisasyon at pagbabaybay | |
| Gamit (5) | Walang pagkakamali sa estruktura ng mga pangungusap at gamit ng mga salita | |
| | **KABUUAN** | |

*Rubriks posisyong papel.docx - Pdfcoffee.com.* (2020, November 9). pdfcoffee.com. https://pdfcoffee.com/rubriks-posisyong-papeldocx-pdf-free.html

| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na |
|---|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |

<table>
<tr><td rowspan="2"></td><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td><td rowspan="2">template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br><br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br><br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br><br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>